

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**

**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**REF: DIR. ROBERTZON F. RAMIREZ**

**TALUMPATI NI**

**PANGULONG FERDINAND R. MARCOS JR.**

**SA TRABAHO AT SERBISYONG PANGKALUSUGAN  
SA BAGONG PILIPINAS SA LAGUNA**

[Inihayag sa Alonte Sports Arena sa Lungsod ng Biñan, Laguna | Ika-22 ng Marso 2025]

Maraming, maraming salamat po. Parang kampanya ulit. Ay kampanya na nga. *[hiyawan]*

Maraming salamat sa ating Kalihim ng Department of Employment, ang ating butihing secretary, Secretary Benny Laguesma, sa kanyang pagpakilala. *[palakpakan] [Magsiupo po tayo.]*

At ang lahat ng ating mga kaibigan sa local government na tumutulong sa lahat ng programa ng national government para naman maidala namin ang serbisyo – *[palakpakan]* para madala namin ang serbisyo ng pamahalaan sa lahat po ng tao.

Nakita niyo po itong aming ginagawa rito ay ‘yung – parang serbisyo center nandito po, nandoon po sa labas. Mayroon pong nagpapatungin kung mayroon pong mga karamdaman, may kaunting medical mission doon.

Magpapasalamat din kami sa mga doktor, sa mga nurse, sa medtech, *[palakpakan]* na nakilahok dito sa ating medical mission. Hindi po namin magagawa iyong aming mga ginagawa kung hindi po kami tulungan ng ating mga kaibigan sa local government. *[palakpakan]*

Kaya naman po ay napakalaking bagay para sa amin na nandiyan kayo upang tumulong, upang marami po tayong matingnan na mga pasyente at matulungan.

Dito naman po sa kabila ay ‘yung job matching at saka ‘yung job fair. *[palakpakan]* At ulit nagpapasalamat ako sa ating mga employer na nandito upang bigyan ng pagkakataon ang ating mga kababayan na makahanap ng trabaho na bumabagay doon sa kanilang kakayahan, doon sa kanilang training. *[palakpakan]*

Dito yata sa Laguna mukhang masarap yata ‘yung merienda doon sa banda roon at malalakas ang - *[hiyawan at palakpakan]* malalakas ang bores dito sa ano. Ano ito TUPAD cheerleader? *[tawanan]*

Nagpapasalamat kami sa ating mga employer na sumama ngayon dito sa ating serbisyo para magbigay nga ng pagkakataon sa ating mga manggagawa na makahanap ng trabaho na bagay sa kanilang kakayahan. Dahil po isa sa pinakamalaking problema na hinaharap natin – handang-handa naman magtrabaho ang isang manggagawa ngunit ang kanilang training ay hindi nagbabagay sa hinahanap ng ating mga employer.

Kaya't iyan ang ginagawa po natin nagja-job matching po tayo. Ibig sabihin kung ano 'yung bagay sa kanya [*hiyawan at palakpakan*] hinahanap natin 'yung trabaho at pinagkakasama natin.

Mukhang dito yata sa Biñan, dito sa Laguna eh pinaka-successful, dito lang – andami kong nakita, [*hiyawan*] may suot ng... Alam niyo po ang kahulugan nung t-shirt na 'yan ng naka -- nakalagay "HOTS". Ibig sabihin -- ang ibig sabihin hired on the spot. Ibig sabihin 'yung may suot na t-shirt na ganyan, nakuha na, nagkatrabaho na dahil dito sa ating job fair.

At nandito rin ang ating mga beneficiary ng TUPAD. [*hiyawan at palakpakan*] Si Sec. Benny, ang laki yata ng binibigay ninyong benepisyo dahil napaka... [*hiyawan at palakpakan*]

Ang mga TUPAD ay beneficiaries para nga doon sa mga nawalan ng trabaho at nais magsimula. May kaunting livelihood, training. Mayroon din kaunting tulong galing sa pamahalaan upang naman kahit na walang trabaho, mayroon pang – mayroong namang magagamit na kahit kakaunti na maipakain sa kanilang pamilya, sa sarili nila. 'Yan po, nandiyan po ang TUPAD.

At dito naman sa banda rito ay ang ating mga AICS na beneficiary. [*hiyawan at palakpakan*] Pero 'yung mga nakikita po natin dito po sa mga serbisyo fair na ginagawa natin, ito po congratulations dapat ang ating sabihin sa kanila dahil sila ay mag-ga-graduate na. Ibig sabihin gumanda na ang kanilang kalagayan na hindi na sila kailangan umasa pa sa AICS. Kaya't sila ay napaganda na nila ang kanilang pamumuhay at... Ngunit hindi naman ibig sabihin na pababayaang na po namin kayo. Nandiyan pa rin kami at tutulungan po kayo namin sa mga ganoon din, livelihood program at sa employment program, lahat po ng ganoon. [*hiyawan at palakpakan*] 'Yun ang gagawin po natin para sa ating mga AICS graduate.

Ganyan po ang aming mga ginagawa dito sa ating pamahalaan. Mayroon po kami polisiya na sinusundan at ang polisiya na 'yan ay tinatawag namin [whole]-of-government approach. Ibig sabihin lahat ng buong pamahalaan ay kasama sa bawat proyekto. Kaya po nandito po ay ilang Cabinet secretary. Nandiyan po, nakilala po ninyo, si Secretary Benny Laguesma ng DOLE. [*palakpakan*] Nandiyan po si Secretary Ted Herbosa ng DOH, ng Department of Health. Nandiyan din po, Secretary Rex Gatchalian ng DSWD. Nandiyan din po si Secretary Anton Lagdameo na... [*palakpakan*] Siya ang – siya ang troubleshooter naming lahat. Pagka nagkakaproblema, siya ang nag-aayos.

Kaya po ay si – ginagawa po namin ang tinatawag na [whole]-of-government approach dahil sa aming pananaw 'yung malalaking problema na hinaharap ng taong-bayan ay hindi kakayaning ayusin ng iisang departamento lamang. Kailangan ipagsama-sama natin lahat ng kakayahan ng pamahalaan, lahat ng yaman, lahat ng galing, ng lahat ng nasa pamahalaan na makakatulong.

Kaya po hindi lamang isang departamento ang tinitingnan po natin. Hindi lang isang departamento ang inaasahan natin. Kapag makatulong ang ibang departamento, pinagsama-sama po natin kagaya... Para naman mas maganda ang pagparating ng serbisyo sa ating mga kababayan. 'Yan po ang aming ginagawa ngayon. *[palakpakan]*

At 'pag sinasabi kong whole-of-government approach, hindi lang po national government ang pinag-uusapan dito dahil local government ay napakalaking bahagi, napakahalagang bahagi ng ating ginagawa.

Kung hindi po maganda ang ugnayan ng – kung hindi po maganda ang tulungan ng national government at saka local government, napakahirap po ng aming gagawin. Napakahirap pong paabutin sa inyo sa grassroots level, hanggang barangay level, napakahirap po kung hindi po tayo nagtutulungan kasama ng LGU. Kaya nagpapasalamat ako sa ating mga lider, sa ating mga LGU executives, *[palakpakan]* sa ating LGU local community leaders dahil po kung hindi po sa kanila eh hindi po ganito kaganda ang ating serbisyo fair.

Kaya naman po ay – ang sadya ko lang naman po dito ay makadaan, makita na maganda ang patakbo, na marami po kayo ang nakarati – na marami po sa inyo ang nakarating na magkaroon naman, mapakinabangan po ang ating serbisyo fair.

At natutuwa naman ako na napuno natin itong stadium ninyo *[hiyawan at palakpakan]* at nandito kayong lahat. At sana naman ay mabigyan po namin – asahan po ninyo lahat po kayo ay kung anuman ang kinakailangan ninyo basta't sabihin niyo lang po sa amin, sabihin niyo sa local government, sabihin niyo po sa mga kalihim natin. Sabihin niyo po sa mga regional officer, sa mga local provincial officer, municipal officer at aabot at aabot din sa amin 'yan at gagawin namin kung anong kaya namin gawin. Asahan po ninyo ay gagawin po namin.

Asahan din po ninyo na ang inyong pamahalaan ay walang ginawa kundi mag-isip, maghanap, magtrabaho upang mapaganda ang takbo ng pamahalaan para mapabilis, mapaganda, at maparami ang serbisyo ng pamahalaan para sa inyo, para sa ating mga kababayan. *[hiyawan at palakpakan]*

Kaya po iyon lang naman po at sana naman po ay itong aming ginagawa na mga serbisyo fair ay makatulong sa inyo at... Alam niyo po hindi lang po dito sa Biñan ito. Ginagawa namin ito sa buong Pilipinas. Kagaya ng nangyayari dito ay mayroon din po sa iba't ibang lugar para naman ay hindi sabihin na pagka lamang nandoon ako na magkakaroon ng ganito. Kahit wala po ako roon, mayroon po tayong mga tinatawag na serbisyo fair.

Asahan po ninyo patuloy po naming gagawin ito. Hanggat may kailangan kayo, ang pamahalaan ninyo ay hindi kayo iiwanan. *[hiyawan at palakpakan]* Nandito kami upang magserbisyo sa inyo.

Maraming, maraming salamat po.

Thank you po, Biñan.

Thank you, Laguna.

Maraming salamat sa inyo. *[palakpakan]*

--- END ---